
GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG	School:		Grade Level:	IV
	Teacher:		Learning Area:	ARALING PANLIPUNAN
	Teaching Dates and Time:	Week 5	Quarter:	4th Quarter

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
I. LAYUNIN					
A. Pamantayang Pangnilalaman	Naipapamalas ang pang-unawa sa bahaging ginampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pagkakaisa, kaayusan at kaunalaran ng bansa				
B. Pamantayan sa Pagganap	Naipapaliwanag ang tungkulin ng pamahalaan na itaguyod ang karapatan ng mamamayan				
C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto Isulat ang code ng bawat kasanayan	Natatalakay ang mga gawaing nagpapakita ng kagalingang pansibiko ng isang kabahagi ng bansa **AP4KPB-IVd-e-4 4.2**			Nahihinuha ang epekto ng kagalingang pansibiko sa pag-unlad ng bansa **AP4KPB-IVd-e-4.3**	
II. NILALAMAN					
A. Sanggunian					
1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro	T.G. pp. 164 - 166	T.G. pp. 164 - 166	T.G. pp. 164 - 166	T.G. pp. 164 - 166	TG pp. 164 - 166
2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral	L.M. pp. 368 - 372	L.M. pp. 368 - 372	L.M. pp. 368 - 372	L.M. pp. 368 - 372	LM pp. 368 - 372
3. Mga Pahina sa Teksbuk					
4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource					
B. Iba pang Kagamitang Panturo	Mga larawan, PPTX, krayola, bond paper, news clips	Mga larawan, PPTx, charts, news clips, activity sheet	News clips, PPTx, charts, meta cards, larawan	News clips, meta cards, PPTx, larawan	video clips, PPTx, larawan, chart
IV. PAMAMARAAN					
A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin	Magkaroon ng malaking civic pie na may nakalagay na ibat –ibang gampanin o gawaing pansibiko/ foldables ng mga gawaing pansibiko	Pagpapakita ng mga larawan ng ilang mga gawaing pansibiko. Anong gawaing pansibiko ang   ipinakikita ng bawat larawan?	Ipanood sa mga bata ang isang video clip/presentation tungkol sa mga gawaing pansibiko gaya ng mga medical mission, feeding program, pagtatanghal sa kultura,at iba pa.	Maaaring malawak ang sakop at pangmatagalan ang gawaing pansibiko na sinasalihan lalo na ng nakatatanda. Malaki ba ng epekto nito sa bansa?	Mga epekto ng kagalingang pansibiko sa pag-unlad ng bansa. Magbibigay ang mga bata.
B. Paghahabi sa layunin ng aralin	Ipaalaman sa mga bata ang mga gawaing pansibiko. Ano-ano ang mga kaya nilang gawin?	Ipaisa isa sa mga bata ang mga gawaing pansibiko. Paano ito nakatutulong sa bansa?	Magkaroon ng gallery ng mga gawaing pansibiko sa silid-aralan.	Pagpapakita ng mga larawan ng mga programang pangmatagalan ang epekto sa bansa. Pagtalakay tungkol sa mga ito.	Pagpapakita ng video clip ng mga kagalingang pansibiko. Pagninilay tungkol sa napanood na video (maaaring magdownload

			  (Dagdagan pa ang mga larawan)		nito mula sa mga search engine)
C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin	Sa mga gawaing pansibiko na alam ninyo, may kaugnayan baa ng mga ito sa pag-unlad ng bansa lalo na sa diwa ng paglilingkod sa kapwa? Ipabasa ang nasa ALAMIN MO sa LM pp. 368 – 369.  Ang magalang na pakikipag-usap sa kapwa kagaya ng nasa larawan ay isang gawaing pansibiko.  Ang pagtulong sa mga matatanda ay isang gawaing pansibiko na kayang gawin ng mga bata.	May mga iba pa bang gawaing pansibiko na hindi nabanggit sa ating texto? Ano-ano ang mga ito?  Ang malasakit sa yamang tubig ba ay gawaing pansibiko? Bakit?  Ang dynamite fishing ba ay pagpapakita ng gawaing pansibiko? Bakit hindi?  Ang pagtulong sa pagtatanghal na pampubliko ay isa din bang gawaing pansibiko na nakapagpapaunlad ng sining ng bansa? Paano?	Aling mga gawaing pansibiko ang may kinalaman sa kalusugan? Pampalakasan? Kalikasan? Edukasyon?    	 Ang programa sa literasi ay isa sa mga sinasalihan ng nakatatanda na itinuturing na pangmatagalan ang benepisyo sa mga mamamayan. May mga pangkalusugan din kagaya ng pagsagip sa buhay, sa  kalamidad, pagbibigay ng agarang lunas sa mga nakararanas ng sakit at gutom. Ito ay kagyat na lunas at agarang pagtugon. Pagsagip sa buhay kapag may  aksidente.	Ipabasa ang mga tala na nasa LM pp. 369 – 370.  Ang mga kooperatiba ba ay Malaki ang epekto sa kagalingang pansibiko ng ating bansa? Paano?  Ang mga gawaing pangkabuhayan ba ay malaki ang kapakinabangan sa komunidad? Ito ba ay pangmatagalan ang epekto sa kabuhayan ng mga mamamayan?  Kaalaman sa mga kooperatiba ba ay mahalaga?

D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1	Ano-ano ang ibat-ibang uri ng mga gawai gpansibiko? Ano-anong mga gawain ang mga ginagawa ng grupo o samahan bilang mga gawaing pansibiko?	Ano-ano ang mga halimbawa ng iba pang mga gawaing pansibiko? Paano isinasagawa ang bawat isa?	Pagtalakay sa mga larawang ipinakita na may kinalaman sa edukasyon, kalusugan, pampalakasan, at kalikasan	Ipaalam sa mga bata ang may mga pangmatagalang epekto o panghabambuhay na gawaing pansibiko tulad ng libreng pag-aaral.	Talakayin ang pangmatagalang epekto ng mga kagalingang pansibiko sa kabuhayan ng mga mamamayan.
E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2	**Pangkatang Gawain** Ipasagot sa grupo ang nasa Gawain A sa LM p. 370 (1 – 3)	**Pangkatang Gawain** Gumawa ng mga talaan ng mga gawaing pansibiko na kayang gawin ng mga bata/matatanda	**Pangkatang Gawain** Gumawa ng isang liham sa inyong punung barangay upang maipabatid ang ilang gawaing pansibiko na maaaring malatulong sa pag-unlad ng komunidad.	**Pangkatang Gawain** Bumuo ng grupo. Bawat pangkat ay gagawa ng mga plano na pangmatagalan ang epekto ng mga gawaing pansibiko na makatutulong sa pag-unlad ng bansa.	**Pangkatang Gawain** Ano ang pagkakaiba ng kagyat na lunas at pangmatagalang epekto ng gawaing pansibiko sa mga mamamayan?
F. Paglinang sa Kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment)	**Indibidwal na Gawain**  Tingnan ang larawan, ano ang gawaing pansibiko ng mga bata.	**Indibidwal na Gawain** Gumawa ng isang talata tungkol sa mga gawaing pansibiko na nakapagpapaunlad ng bansa at ng komunidad? Anong obligasyon ng mga bata?	**Indibidwal na Gawain** Gagawa ng suhestiyon ang mga bata sa pagpapaunlad pa ng mga gawaing pansibiko sa kanilang komunidad.	**Indibidwal na Gawain** Alin sa mga gawaing pansibiko ang may pangmatagalang epekto? Isulat ang mga ito.	**Indibidwal na Gawain** Bakit ang pangmatagalang epekto ng mga gawaing pansibiko ay nabibigyang solusyon ang mga suliranin sa kabuhayan at kahirapan?
G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay	Bilang bata, ano ang kaya mong gawin upang makatulong ka sa bansa?	Kung ikaw ay mabigyan ng pagkakataon na mamuno, anong mga gawaing pansibiko ang iyong ipapagawa at bakit?	 Paano makatutulong ang paggawa ng kabutihan sa inyong pamayanan o komunidad?	Paano ka makatutulong upang ang mga gawaing pansibiko sa inyong lugar ay lumago at umunlad?	 Paano ka makatutulong sa kalinisan ng kapaligiran bilang isang gawaing pansibiko?
H. Paglalahat ng Aralin	Ano ang natutuhan sa mga aralin? May ibat-ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong gampanan ng sinuman, bata man o matanda, batay sa kaniyang kakayahan.	Ano ang natutuhan sa mga aralin? May ibat-ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong gampanan ng sinuman, bata man o matanda, batay sa kaniyang kakayahan.	Ano ang natutuhan sa mga aralin? May ibat-ibang uri ng gawaing pansibiko. Maaari itong gampanan ng sinuman, bata man o matanda, batay sa kaniyang kakayahan.	May dalawang mukha ng kabutihang naidudulot ang gawaing pansibiko. Isang mukha nito ang kagyat na pagtugon sa mga nangangailangan. Ang isa pa ay ang pangmahabang-panahong dulot nito sa tao at sa bansa.	May dalawang mukha ng kabutihang naidudulot ang gawaing pansibiko. Isang mukha nito ang kagyat na pagtugon sa mga nangangailangan. Ang isa pa ay ang pangmahabang-panahong dulot nito sa tao at sa bansa.
I. Pagtataya ng Aralin	**Panuto:** Isulat kung tama o mali ang mga sumusunod. 1.May ibat-ibang uri ng gawaing pansibiko.	**Panuto**: Ipagawa sa mga bata ang nasa Gawain B sa LM p. 370 (1 – 5)	**Panuto**: Ipagawa sa mga bata ang nasa NATUTUHAN KO sa LM p. 372 bilang 1	**Panuto:** Pasagutan ang Gawain C sa LM p. 371 (1 – 5)	**Panuto:** Bawat pangkat ay magpapakita ng isang iskit na may gawaing pansibiko.

	2.Ang pagtangkilik sa mga produkto ng iyong komunidad at ng ating bansa ay gawaing pansibiko na maaari mo ng umpisahan. 3.Ang pamamahala ng trapiko ay di kayang gawin ng mga bata. 4.Ang pagtatanim ng mga halaman sa bakuran ay gawaing pansibiko na maaari nating gawin sa komunidad.				
J. Karagdagang Gawain para sa takdang-aralin at remediation	Larawan ng mga gawaing pansibiko	Larawan ng mga gawaing pansibiko sa bansa		Mga larawan ng kagalingang pansibiko	
V. MGA TALA					
VI. PAGNINILAY					
A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.					
B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation					
C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.					
D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation					
E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?					
F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?					
G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?					

For more [daily lesson log deped](), visit: teachershq.com